

# 1

Marciana smiled bitterly nang maalala niya ang peryodikong iyon kaninang umaga na kanyang natagpuan sa ibabaw ng center table sa kanilang sala. Ang larawang iyon sa isang pahina ng society section....

It was Francis Moslarez with his very famous wife, Arabela Aguirre-Moslarez. Kasama ng larawang iyon ay ang balitang nagdadalang-tao na ang sikat na aktres at ang nalalapit na pamamaalam nito sa mundo ng showbiz.

*“Nakalimutan kong itago ang peryodikong iyan para hindi mo makita at malaman ang balita,” sabi ni Marcia na hindi namalayan ng dalagang nakalapit na pala.*

*Natawa siya sa sinabi ng ina. “Alam ninyong hindi puwedeng hindi ko malaman ang balitang ito.”*

*Tumabi si Marcia sa kanya sa kinauupuan niyang sofa at kinuha mula sa kanya ang peryodiko. Inilapag nito iyon sa center table. “At ano ang ibig sabihin ng lungkot na nakita ko sa mukha mo kanina?” May pag-aalalang mataman siya nitong tinitigan.*

*Napabuntong-hininga siya. Her mother was always sensitive. At may mga pagkakataong mas nais pa niyang hindi nito nalalaman ang mga nangyayari sa kanya. Marcia had a weak heart. “Wala, Mama.” At sa pabirong paraan ay, “Baka hanggang ngayon ay nanghihinayang pa rin ako na hindi tuluyang napasaakin ang napakakisig na si Francis Moslares.”*

“Tawagan mo kaya si Leandro para makasama natin.” Ang tinig na iyon ni Marcia na kanyang kaharap sa mesa ang biglang nagpapalis ng kanyang iniisip. Nasa loob sila ng *Ruel’s Restaurant* at naghahapunan pagkatapos nilang libutin ang kalakhang *SM Megamall* at makapamilya ng ilang kasuotan.

Ang araw na iyon ng Lunes ay ang unang araw ng pagpasok ng tatlumpu’t pitong estudyanteng sinamahan ni Marciana sa Maynila para sa internship ng mga ito. Katatawag lang ng dean na si Dr. Nimfa de la Cruz ng College of Arts and Communication, isa sa mga kolehiyo ng *University of Eastern Philippines* o *UEP* sa Catarman, Northern Samar, kung saan ay isa siyang propesora, at kinumusta nito ang mga estudyante. Siya ang naatasang humawak sa asignaturang Broadcast Communication and Journalism Internship.

At ang kanyang ina ay nagpilit na sumama

sa pagluwas niyang iyon ng Maynila. Hindi siya nakatutol doon. Her mother deserved to experience again the city life na kinalakhan at kinasanayan nito. Sa Palapag sa Northern Samar ay wala itong ginagawa kundi kausapin ang mga trabahador sa *Lozano Farm* na pinamamahalaan ng kapatid niyang si Leandro.

Dahil maayos na ang lahat sa araw na iyon ay nagkaroon siya ng pagkakataong makapamasyal. Tinawagan niya ang ina at niyaya itong mag-mall. Mula sa *DWDD* radio station sa Camp Aguinaldo ay sinundo niya ang ina sa bahay nila sa Pureza, Sta. Mesa.

Napasimangot siya. “Pabayaang mo siya, Mama. Hindi nga ba’t katakut-takot na pamimilit ang ginawa mo sa kanya pero hindi mo siya napapayag. Hindi niya maiiwan ang nililigawan niya.” She laughed. Hindi sinasadyang napatingin siya sa entrada ng *Ruel’s*. Nakaharap siya roon kaya makikita niya ang sinumang papasok. And she could not believe that she was looking at the particular person at the entrance. Of all people, it was Lucy Moslarez!

Nagsasalita ang ina pero hindi na niya maintindihan ang mga sinasabi nito. Tutok na tutok ang buong atensiyon niya sa babaeng nasa entrada. So

dignified in her corporate attire. Tila may hinahanap ito sa loob ng restaurant.

Napatingin ito sa gawi nila at nagkatitigan sila. Dahil hindi sila kalayuan sa entrada, kitang-kita niya ang bahagyang pagkagulat sa mukha nito. Hindi na niya alam ang iisipin nang ngumiti ito sa kanya. At hindi niya alam ang gagawin nang makitang palapit ito sa gawi nila.

“L-Lucy...” sambit ni Marcia na bahagya pa lang nakabawi sa pagkagulat sa biglang pagsulpot ni Lucy.

“Marcia... Marciana... Hindi ko nabalitaang narito pala kayo sa Maynila.” Ngumiti ito.

Marciana hated herself at the moment. She hated what she was feeling right there. Ramdam niyang hindi niya gustong naroon ngayon si Lucy sa harapan nila. Nararamdaman niyang tila sila nagtatago at nang mga oras na iyon ay natagpuan at nahuli.

“Maupo ka, Lucy, at sabayan mo kami.” Marciana was glad na nauna nang magsalita ang ina.

“Hindi na, Marcia, at sa totoo lang ay nagmamadali ako. Hinahanap ko si Franchesca at hindi ko mahagilap,” ani Lucy na ang nakababatang anak ang tinutukoy. “Sa Pureza pa rin ba kayo tumutuloy ngayon?” Bumaling ito kay Marciana.

“Yes, T-Tita Lucy.”

Tumangu-tango ito. “Kung ganoon ay hindi puwedeng hindi ko kayo maimbitahan sa kaarawan ni Francis. Remember his birthday, Marciana?”

“Y-yes, Tita.” It was the truth. How could she ever forget the birthday of her best friend? Of her ex-fiancé.

“Magiging mabuting magkaibigan pa rin kayo ng anak ko, iha. At sa kaarawan niya ang magandang pagkakataon para gawin iyon. Muling masimulan.”

---

“*Ruel’s*, Mama? Mahirap na ba sila ngayon at *Ruel’s* na lang ang kinakainan nila?” salubong ang mga kilay na tanong ni Francis sa ina sa ibinalita nito sa kanya.

“Kumakain din dun ang kapatid mo, hijo. At hindi sila mukhang mahirap. And Marciana was very beautiful.”

Napailing siya. Noon pa man ay gusto na nito si Marciana. Hindi nga ba at gustung-gusto nitong magkatuluyan sila ng babae. And he could not believe na sa kabila ng mga nangyari, sa kabila ng hindi pagsipot ni Marciana sa kasal nila, ay naroon pa rin

ang pagkagusto ng ina sa babae. At ano pa nga ang mas mabigat na kasalanan ng babae na nalaman niya? Tumakas daw ito sa araw ng kasal nila kasama ang kapatid ng kanyang naging asawa!

“I know, Mama. Naranasan ko ring kumain sa *Ruel’s*.” Hindi na niya idinagdag na sa mga panahong magkasintahan sila ni Marciana ay ito ang nagyayayang kumain sa *Ruel’s*. Noon niya naranasang kumain sa kainang iyon.

Lucy gave him a suspicious look. “At sa mga karanasang iyon ay lagi mong kasama si Marciana, hindi ba, anak?”

Tumingin siya nang mataman sa mga mata ng ina. “You liked her always, Mama. Walang sandaling hindi mo siya nagustuhan magmula noong ipakilala ko siya sa inyo bilang kaibigan. Maliban marahil noong araw ng... kasal.”

“Walang nakakaaalam sa tunay na dahilan ng hindi niya pagsipot sa kasal ninyo.” Mabilis nitong pinigilan ang pagsasalita niya sana. “Kailanman ay hindi ko pinaniwalaang nagtaksil siya sa ’yo.”

“May nakakita sa kanilang magkasama sa araw ng aming kasal, Mama. At palayo sila.”

At naalala ni Lucy kung paano binugbog noon ng

anak si Lester Aguirre, ang nakatatandang kapatid ni Arabela. Na-confine pa sa ospital ang lalaki sa tinamong mga pasa sa katawan.

“Hindi ko masiyadong gusto ang kapatid ng asawa mo,” ani Lucy. “Maging ang asawa nito ay hindi ko gusto.”

Si Catherine Contreras ang napangasawa ni Lester, ang *unica hija* ng alkalde ng San Felipe.

Natawa si Francis. “Hindi mo ibig sabihin na hindi natin iimbitahin ang anak ng alkalde ng San Felipe,” biro niya. “Doon pa naman gagawin ang birthday ko.”

“Kung maaari lang sana.” Tiningnan nito nang may pang-aarok ang anak. Hindi ito sigurado kung kagugustuhan ng anak ang susunod na sasabihin. “I invited Marcia and Marciana, hijo.....”

Hindi nagulat si Francis pero nagtatanong ang mga mata sa ina. “Hindi ako sigurado kung maganda ang ideyang iyan, Mama. Bukod sa lahat ng may alam ay ang press people.....”

“Magpiyesta na ang lahat, hijo, pero tapos na ang lahat ng iyon. Asawa mo na si Arabela. Hindi ba maganda na muli kayong maging magkaibigan ni Marciana?”

There was regret in his voice when he said, “Pero hindi ko alam kung mapapakitunguhan ko siya nang maayos. Mula nang araw ng kasal na iyon ay hindi na kami kailanman nagkausap.”

“Dahil hindi mo na siya hinanap.” Hindi na idinagdag ni Lucy na hindi na nagkaroon ng pagkakataon ang anak na hanapin si Marciana dahil sa tuwina’y nasa tabi nito si Arabela para aliwin ito.

“Para ano pa?” He sighed. “Wala akong magagawa kung gusto mo silang dumalo, Mama. Pero duda ako kung pupunta sila.”

“Bibibisitahin ko sila sa bahay nila sa Pureza. Sisiguraduhin kong dadalo sila.”

Nagsalubong ang mga kilay ni Francis.



## 2

Pagdating nina Marciana sa mansiyon ng mga Moslarez sa San Felipe ay napakarami nang taong naroon. Ang napakalawak na solar ay napakaliwanag. Ang pinakaharap na malawak na espasyo na napapaligiran ng mga halamang namumulaklak sa iba't ibang uri ang ginawang bulwagan ng kasayahan.

Kinakabahan si Marciana habang palapit silang tatlo sa nakasalubong na mag-asawang Lucy at Fredo Moslarez. Parang naliliyo ang pakiramdam niya. Nanalangin siyang hindi umatake ang matagal na niyang iniindang pasulpot-sulpot na pagkaliyo. Napatingin siya sa ina nang gagapin nito ang kamay niya. Marcia gave her an enlivening smile.

Ang batian ay nangyari sa pormal na paraan. Lucy and Fredo were both very nice welcoming them. At parang walang nangyaring kasalang hindi natuloy na mainit ang pakikitungo ng mag-asawa sa kanilang talo.

Nang nakaupo na silang tatlo ay ramdam ni Marciana ang pagtingin-tingin sa kanila ng mga naroon. At alam niyang pinag-uusapan na sila, partikular siya, ng mga panauhin. Why, they were

the same people who had attended her unrealized wedding with Francis Moslarez. Naroon ang mga ito sa araw ng kasal kung saan walang dumating na bride.

“Huwag mo silang pansinin, Marcie,” sabi ni Leandro nang mapuna nito ang pakikiramdam niya sa kapaligirang iyon. Nagpapasalamat na nginitian niya ito. What would she do with her life without him by his side?

*“We can still change our minds right now,” biglang sabi ni Leandro nang bubuksan na lang nito ang pinto sa passenger’s seat ng itim na Grandeur na sasakyan nila sa pagtungo nilang iyon sa San Felipe. A very protective brother and son that he was, agad itong lumuwas ng Maynila nang malaman nitong hindi sila nakatanggi sa imbitasyon ni Lucy para sa kaarawan ni Francis. Lumuwas ito mula sa Palapag sa mismong araw na tinawagan ito ni Marciana at ipaalam dito ang nangyari.*

*Parehong napatingin sina Marciana at Marcia dito.*

*“Can we, Leandro?” tugon na tanong ni Marciana.*

*Anim na araw bago ang kaarawang iyon ni Francis Moslarez ay bisita sa bahay nila si Lucy. Direktang*

*sinabi nitong ang pagdalaw nitong iyon ay para tiyaking dadalo sila sa selebrasyon ng kaarawan ng anak nito.*

*“Damned Moslarezes!” Si Leandro. Masuyong hinaplos ni Marcia ang pisngi nito.*

*“Huwag sa harap ko, hijo,” saway ni Marcia sa pagmumura ng anak. “At nakakatakot na isang buong angkan ang minura mo,” dagdag nito sa pabirong paraan.*

*“I’m really sorry, Ma.”*

*“Itutuloy natin ito, Leandro,” ani Marcia na nakatingin kay Marciana. “We can handle them all,” she said in undeniable confidence.*

She breathed almost audibly. “Marahil ay namamangha silang makita tayo sa kasayahang ito.” Paglingon niya sa isang direksyon ay nakita niyang papalapit sa kanila si Lucy. At kasama nito sina Arabela at Francis.

Bigla ay nakaramdam si Marciana ng tensiyon sa loob-loob niya habang nakatitig sa mga papalapit. After seven long years, magkakaharap silang muli ni Francis Moslarez. Kasama ang pinakasalan nito.

Humugot siya ng napakalalim na hininga. Muli

*Deep And Burning Love - Charita Gil*

---

ay naramdaman niya ang paggagap sa magkabila niyang kamay. Mga kamay iyon ng ina at kapatid.

“Tita Marcia, I’m very glad to have you here. Kumusta kayo?” Nakangiti si Francis na nakatingin sa mama niya.

Marciana held her breath nang lumingon sa kanya si Francis. At the moment, she was looking at the coldest eyes she had ever seen.

---

Marciana had the urge na hindi na bumalik sa kasayahan sa harapan ng mansyon. Pagkatapos ng batiang naganap sa pagitan nila at ng mag-asawang Francis at Arabela ay agad ding lumayo ang mga ito at nilapitan ang ilang grupo ng mga kaibigan.

It did not go well with Francis and Arabela. Iyon ang hatol niya sa naganap na batian. Marahil ay umasa siyang mainit din ang magiging pakikitungo ni Francis sa kanila katulad ng mga magulang nito. She knew it was foolish of her to expect warmth from Francis’s dealing with them. He was very formal, very cold. At sa kanilang tatlo nina Leandro ay halos siya ang hindi batiin nito. Binigyan lamang siya nito ng isang tango pagkatapos ng isang pagbating sinlamig ng yelo.

*Deep And Burning Love - Charita Gil*

---

And she had to go somewhere from the crowd pagkaalis nina Francis at Arabela. She had to focus on calming herself. Nagpilit si Leandro na samahan siya pero hindi siya nito napapayag.

Tinungo niya ang kanang gilid ng mansyon kung saan alam niyang may concrete benches. Seven years ago ay nagawa na niyang libutin ang buong mansyon pati ang napakalawak na solar. Memoryado niya ang mga bahagi ng lugar na iyon.

And now she was sitting on one of the concrete benches. Dinadama niya ang malamig na hangin na humahaplos sa buong katawan niya. At mamatamisin pa niyang ginawin sa kinauupuan kaysa bumalik sa kasayahan sa harapan ng mansiyon at tanggapin ang mga titig ng mga panauhin. At hindi na niya gugustuhin pang makatanggap ng pinakamalamig na titig mula kay Francis Moslarez. The look could so cut her heart.

Sa pagdama niya ng malamig na hangin ay bigla ang pagkalat ng panlalaking pabango na iyon sa paligid at ang pagkaamoy niya niyon. Bago pa niya mapansin ang papalapit na lalaki ay nagsalita na ito.

“Kumusta ka na, Marciana?”

Bahagyang madilim sa bahaging iyon kaya hindi

niya gaanong aninag ang mukha ng lalaki. Pero hindi niya kailanman makakalimutan ang may-ari ng boses na iyon.

“What are you doing here, Mr. Aguirre?” matalim niyang tanong sa lalaki. Bigla ang pag-usbong ng galit sa kanyang dibdib.

“Nangungumusta lang.”

“You stay away from me, Mr. Aguirre! Nasa malapit lang si Leandro at sinisiguro ko sa iyong hindi maganda ang kalalabasan kung magkakasalubong kayo!” galit niyang asik.

Walang anumang tumawa ito. “Of course, your dear big brother. And you’re threatening me, Marciana.....”

Tumayo siya. “Go away, Mr. Aguirre! Wala ka nang kailangan sa akin. Masaya na ang kapatid mo.”

“Gusto ko lang magpasalamat, Marciana. Alam kong hindi ka gagawa ng iskandalong ikasisira nina Francis at Arabela. My sister was your friend, Marciana. Alalahanin mo.” Nagsimula itong lumakad palayo. Sandali rin itong tumigil at nilingon siya. “*Me pesa, Marciana.*” Pagkuwa’y tuluyan itong lumayo.

Gustong sumigaw ni Marciana sa labis na inis

na nararamdaman. Muli siyang umupo sa concrete bench dahil muli niyang nararamdamang tila siya naliliyo. She would be sorry kung magtuloy-tuloy na ang pagkaliyo. Oh, the consequences of attending this party. She should have really prepared herself.

Ang pakiramdam niya ay mas lalong lumamig makalipas ang ilang sandali. Giniginaw na siya. She rose and decided to go inside the mansion.

---

Sa kabila ng bahagyang pagkaliyong nararamdaman, nililibang ni Marciana ang sarili sa pagtingin-tingin sa ilang paintings na nakasabit sa dingding sa napakaluwang na *sala grande* ng mansyon. Seven years ago ay iba ang mga nakasabit doon. Mga bagong paintings na ang mga naroroon sa kasalukuyan.

Sa pagkakatingala sa isang charcoal painting, biglang naramdaman ni Marciana ang pagsidhi ng pagkaliyong nararamdaman. She groaned at sinapo ang ulo. Sa isip ay naghahanap ng posibleng rason kung bakit mas tumindi ang pagkaliyo niya ngayon kaysa sa karaniwang mga atake. Uminom siya ng alak pero hindi nga nangalahati ang laman ng baso, kaya imposibleng iyon ang dahilan.

Dahan-dahan niyang tinungo ang pinakamalapit na sofa at umupo roon. Isinandig niya ang ulo sa backrest. Naramdaman niyang mas tumitindi pa ang kanyang pagkaliyo. Napaungol siya at isinapo ang dalawang kamay sa ulo. What was happening to her?

“Ano ang nangyayari sa iyo, Miss Lozano?” tanong ng baritonong boses sa harapan niya. “You’re not okay.”

Naliliyo man si Marciana ay agad niyang napansin at nakomentuhan ang boses ng lalaking nagsalita. It was low, deep, and husky. Very virile. Desirable to the ears. Pero ayaw niyang magmulat ng mga mata para sinuhin ang lalaki. Umiikot ang kanyang paningin.

“Hey, lady, speak up,” muling anang lalaki nang hindi siya sumagot.

She just groaned. Naramdaman niyang umupo sa tabi niya ang lalaki. Kasabay niyon ay ang pagkarehistro sa utak niya ang mabangong samyo nito. Very virile was the scent just like the voice. Iyong tipong hindi pagsasawaang samyuin.

“Why don’t you open up your eyes, sweetheart.....” sabing muli ng lalaki.

“I can’t, mister. Naliliyo ako,” sa wakas ay sabi niya.



“Hey, let me take you upstairs.” Agad siya nitong hinawakan sa baywang to her astonishment.

“Wait!” pigil niya rito. Sinubukan niyang magmulat para mapapikit lang muli dahil hindi niya matagalang tingnan ang pag-ikot ng lahat. “Oh, my God...” anas niya. “Hindi kita kilala, mister. You can leave me alone. I’ll be fine. Thank you.”

“Come on, sweetheart... Hindi ako masamang tao. Mas mabuting ihatid kita sa taas para makapagpaghinga ka nang maayos.” There was determination in his voice.

Hindi niya kilala ang lalaki kaya hindi siya dapat magtiwala. “Oh, please, no, Mister. Thank you.” Muli ay napaungol siya. Sa sobrang liyo ng pakiramdam niya ay susuka siya anumang sandali.

“Damn! You need help!” naiiritang bulyaw ng lalaki.

At walang paalam na hinaklit nito ang baywang niya sa kanyang pagkagulat. Sa isang iglap ay pangko na siya nito at naglalakad na patungong hagdanan.

“Kumapit ka sa leeg ko,” utos nito.. Nagsimula na itong umakyat sa hagdanan.

Kumapit siya sa leeg nito dahil pakiramdam

niya ay lalong umiikot ang paningin niya sanhi ng pagkakauga-uga ng kanyang ulo. Ang anumang protesta sa ginawa ng pangahas na lalaki ay nakalimutan na niya. “Oh, God...”

“Malapit na tayo, sweetheart.”

Marciana breathed deeply. “Oh, I’m—” At hindi na niya napigilan ang pagsuka na napaungol ang lalaki.

---

Nagising si Marciana mula sa tila pagkawala ng kanyang ulirat. Rumehistro sa utak ang amoy na iyon na kahit papaano’y nagpagaan ng pahiramdam niya. Ang amoy na iyon ay nanggagaling sa isang maliit na bote na nararamdaman niyang kanina pa itinutuon sa ilong niya. She groaned.

“Feeling better?”

Napamulat siya ng mga mata nang marinig ang tanong na iyon. Bumungad sa kanya ang isang guwapong mukha na bahagya niyang ikinagulat.

“Who are—” Hindi niya naituloy ang pagtatanong sa gulat sa nabungarang anyo ng lalaki sa gilid ng kamang kinahihigaan niya. Wala itong pang-itaas na suot, bukas ang sinturon, at hindi pa naka-snap ang

slacks na suot!

Bigla siyang napaupo sa kama. “What are you doing?” she asked in terror. Ang mga mata niya’y nanlalaki.

Hindi pa man nakakabawi sa gulat ay napatingin siya sa sarili. Wala na siyang suot kundi ang mga panloob!

Awtomatikong nahablot niya ang kumot sa mga hita at itinakip sa buong katawan. Napasiksik siya sa headboard ng kama at pinagkasya ang sarili sa ibabaw ng mga unan.

“What did you do to me?” she screamed in panic. Her eyes wide in terror.

“Hey, hey, *calmáte...*” he said the last word in perfect Spanish accent that made Marciana look at his face curiously and assessingly.

At nang tumimo nang mabuti sa kanyang utak ang guwapong mukha nito ay, “Your name is Marco.....”

Ngumiti ito na muntik nang ikasinghap nang malakas ni Marciana. The man was really handsome, lalo na nang ngimiti ito.

“I’m glad you’ve recognized me, Miss Lozano.” Inilapag nito ang hawak na maliit na bote sa side

table. “How are you feeling?”

Sa tanong na iyon ay naalala niya ang nangyari ilang sandali pa lamang ang nakararaan. “W-why I’m...? And...” Napatingin siya rito, partikyular sa hubad nitong dibdib. Kapagkuwa’y hindi niya sinasadyang ibaba pa ang paningin that she willed herself not to gasp with the muscled abdomen. At ang napipintong pagpapatuloy ng pagbaba pa sana ng paningin ay napigil nang naaliw na magsalita ito.

“Do you like it, sweetheart?”

Nag-init ang mga pisngi ni Marciana sa pagkapahiya. But she immediately noted that the man had a to-die-for body. Napayuko siya sa disimuladong paraan. “Bakit ganito ang mga ayos natin?” Kinabahang pinakiramdaman niya ang sarili. She thanked God nang walang maramdamang anuman kundi ang bahagyang pagkaliyo lamang.

“Huwag kang mag-alala at wala akong ginawang masama sa iyo. Hindi ko na siguro kailangang ipakita pa sa iyo ang ginawa mo sa suot ko at sa.....” tumingin ito sa balot na balot niyang katawan, “suot mo.”

Napatingin siya sa itim na slacks na suot ng lalaki. Napangiwi siya nang makita ang nagkalat na puting mantsa roon. Kanina ay ang nakakalas na

sinturon at ang hindi naka-snap na slacks nito lang ang napansin niya. She looked away.

“Mahiga ka nang maayos at hindi kita aanuhin,” anang lalaki nang mapansing hindi pa rin nagbabago ang ayos niya sa ibabaw ng mga unan. “Hindi inuupuan ang unan, Miss Lozano, at lalong hindi inaapakan.” Tila ito matatawa.

“Hindi tayo talagang magkakilala, Mr. Marco.” Hindi niya matandaan ang apelyido nito. “Hindi mo ako masisising maging ganito ang reaksiyon ko.”

Ngumiti ito habang tumatangu-tango. “I’m Marco Aurelio el más Regio.” He said his name in remarkable pronunciation that Marciana felt the vibration to the bone as he pronounced his initial ‘r’ in ‘Regio’. Inilahad nito ang kanang kamay.

Si Marciana ay nag-atubiling tanggapin ang kamay nito, but she felt she had to.

Kipkip ang kumot sa katawan, gamit ang kaliwang kamay, bahagya siyang umusog para abutin ang nakalahad nitong kamay.

Kasabay ng pagdaop ng kanilang mga palad ay ang hindi nila namalayang pagbukas ng pinto ng silid na kanilang kinaroroonan.

“Marciana!”

Sabay na napatingin ang dalawa sa pinanggalingan ng malakas at pagalit na pagtawag na iyon. Sa bungad ng pintuan ay naroon sina Lucy at Leandro na parehong nanlalaki ang mga mata.

### 3

“Marco Aurelio wants to marry you, Marciana,” declared Lucy, kaharap siya, ang ina, at si Leandro. Iyon ang pangalawang pagdalaw ng ginang mula nang muli silang nagkita-kita sa *SM Megamall*.

It did not explode like a bomb but it made Marciana wide-eyed in disbelief. Napaawang din ang kanyang bibig.

“Nasa Amerika ngayon si Marco Aurelio para sunduin ang kanyang ina. Ilang araw lang ay narito na ang mag-ina. Ano ang desisyon mo, hija?” tanong ni Lucy na para bang simpleng bagay lang ang kasal na inaalok ni Marco Aurelio el más Regio sa kanya.

He was asking her to marry him! How ridiculous! Hindi sila nito totoong magkakilala. Why on earth would she accept the proposal?

Nang makabawi sa pagkabigla ay nagsalita siya, still in disbelief, “I... I’m sorry, Tita, but I just found the proposal absurd, irrational, and... droll and funny, really, Tita,” aniyang halos sinambit nang lahat ang mga salitang kasing-kahulugan ng salitang ‘ridiculous.’

Natawa ang ginang. “Who would ever say it’s not ridiculous, hija, pero nais lamang panagutan ni Marco Aurelio ang pananamantalang ginawa niya.”

Marciana said quickly, “Walang nangyari sa amin ni Mr. El Más Regio, Tita Lucy.” Nilinga niya sina Leandro at Marcia na kapwa tahimik lang. Ni hindi kababakasan ang mga ito ng disgusto sa alok na kasal na iyon. Gusto na ba ng mga itong mag-asawa siya?

“Naiintindihan ko kung ikinakaila mo, iha. You are a very decent woman. I’m very sorry sa ginawa ni Marco Aurelio. He’s like a son to me at hindi ko pinalampas ang ginawa niya bukod sa suntok na ibinigay ni Leandro sa kanya.” Binalingan nito ang tinukoy at nginitian.

“I’m very sorry, Tita. I just had to,” ani Leandro.

“It’s very understandable, hijo.” Ibinalik ng ginang ang tingin kay Marciana.

“Ang nakita ninyo ni Leandro ay isang...” Hindi maituloy ni Marciana ang sasabihin.

“Marco Aurelio admitted his sin, hija. Sinabi niyang sinamantala niya ang pagkahilo mo at—”

“What?” bulalas niya na nanlaki ang mga mata sa pagkabaghan sa narinig.



“Marciana.....” saway ni Marcia sa anak.

“I’m sorry, Tita Lucy. He’s lying!” Sa isip ay ang galit para kay Marco. *The delicious man is a liar!* Ano ang motibo nito ng pagsisinungaling?

“Pag-iisipan ni Marciana ang alok na kasal ni El Más Regio, Tita Lucy.” Si Leandro sa pagkabigla ni Marciana.

Sa usapang iyon ay hindi iilang beses lang na nabigla si Marciana. At sa lahat ng pagkabigla ay ang huling sinabi ni Leandro ang pinakamatindi.

“Leandro.....” Nagtatanong ang mga matang tiningnan niya ang kapatid. Sa pagkairita niya’y tinanguan lamang siya nito. *What is happening, for God’s sake!*

---

“Hindi mo sinabing sa isang auction ng mga antigong alahas mo ako dadalhin, Mr. El Más Regio,” akusa niya sa binata nang malapit na sila sa bulwagang pinagdadausan ng auction na iyon sa *Celine Hotel*, sa Makati.

Sa pamamagitan nina Marcia at Leandro ay napapayag siyang mailabas ni Marco. Ni hindi na nagkapuwang ang pagkamangha sa kanya sa nakitang

pagsang-ayon ng ina at kapatid. At hindi na rin halos nagkapuwang ang nasa isip na pagharap at pagsita sa binata sa ginawa nitong pagsisinungaling. At hindi niya maaming isa sa mga dahilan ay ang anyo ng binata sa mga oras na iyon. Every inch very dashing.

“Call me ‘Marco,’ Marciana,” seryosong anang lalaki. “Kung isang romantikong dinner ang inaasahan mo ay mangyayari iyon sa ibang araw.”

Romantikong dinner. Gusto niyang matawa.

Isang magandang babae ang biglang sumulpot sa daraanan nila.

“You’re here, Marco, honey....” anas ng babae at ipinulupot ang mga kamay sa baywang ni Marco kasabay ng pagdampi ng mga labi nito sa mga labi ng lalaki.

Sa disgusto sa nakikita’y ibinaling ni Marciana ang paningin sa ibang direksyon at itinirik ang mga mata. Kilala niya ang babae. Naroon ito noong birthday party ni Francis. Natitiyak niyang kaibigan ito ni Arabela.

“Hindi ba darating sina Arabela, honey?” Marciana heard the woman ask Marco sa malamyos na tinig.

“Hindi, Olivia. Nasa San Felipe sila ngayon,” narinig niyang sagot ni Marco.

Naramdaman ni Marciana ang paghawak sa kanyang siko at ang bahagyang paghila sa kanya making her face the woman called Olivia.

“Olivia, this is Marciana Lozano,” pagpapakilala sa kanya ni Marco. “Marciana, si Olivia Marquez.”

Ngumiti si Olivia na nakataas ang mga kilay. “Of course... the runaway bride,” prangkang sambit nito.

“Olivia...” maawtoridad na saway ni Marco.

Walang anumang nginitian ni Marciana si Olivia. “Hello, Olivia.”

Binawi nito ang tingin mula kay Marciana sa tila pairap na paraan. “Napakagaganda ng mga alahas, Marco,” baling nito sa binata. “Halika’t tingnan natin.”

Marciana had the urge to roll her eyes. *The woman is really rude.* Natitiyak niyang ito ang klaseng walang pakialam sa damdamin ng iba. Paano ito naging kaibigan ni Arabela? Arabela was her friend before and she had learned na hindi ito katulad ni Olivia Marquez.

“Mamaya na, Olivia.” Pagkuwa’y may tiningnan si Marco sa isang direksyon. “Mukhang gustong

makipagbatian sa iyo ng mga kaibigan mong bagong dating. Go there,” sabi nito sa dalaga na sumimangot sa pagkaaliw ni Marciana.

Walang nagawa si Olivia kundi lumayo. Marciana swore na nakita niyang umirap ito sa kanya bago tumalikod.

Nagsimula ang bidding para sa mga antigong alahas. Si Marciana ay walang hindi nagustuhan sa mga iyon. Sa bawat ipiniprisintang alahas ay hindi niya napigilang mapasinghap. Well, everybody in the hall did. Aaminin niya sa sarili na nasisiyahan siya.

Si Marco ay napapansin niyang hindi naman sineseryoso ang pagbi-bid. Madalas niya itong mahuling nakatingin sa kanya to her wonderment. Nagbi-bid ito pero sa panimula lamang.

“You’re enjoying, aren’t you?” anitong idinikit ang ulo sa kanya pero nakatingin sa harap.

Hindi siya sumagot.

Finally, the last jewelry was presented for bidding. At iyon ang pinakasentro ng auction na iyon. Napasinghap ang lahat sa pagkamangha sa nakikita sa malaking screen kung saan ipinapakita ang close-up shots ng alahas.

*Deep And Burning Love - Charita Gil*

---

It was a Spanish old yellow choker na may malaking pendant na hugis itlog. The pendant carried precious stones sa pinakamatataas na uri. Sa pinakasentro ng pendant ay isang emerald na hugis puso. And surprisingly and unbelievably, kulay deep red na parang apoy na nag-aalab. Marciana knew that she was not only the one who was surprised, and at the same time, wondering about the color of the emerald. Dinig niya ang mga bulungan sa paligid. Why was the emerald deep red? Why it had to be deep red? Emerald nga ba iyon? May ganoon bang kulay ng emerald? Napapalibutan ang emerald ng mumunting diamonds and rubies.

Marciana was literally holding her breath for few seconds. The emerald choker was amazingly beautiful. It was hypnotizing. “Very lovely...”

“Indeed, it is,” sang-ayon ni Marco.

Nagsimula ang bidding para sa emerald choker. nagsimula ito sa presyong nakakalula na nagpasinghap kay Marciana. Marco was consistently participating the bidding sa pagkamangha niya.

*Marco wants the emerald choker!*

Hindi namalayan ni Marciana ang pagsulpot ni Olivia sa tabi ni Marco. Sa pagitan ng pagbi-bid ng

lalaki ay nagkukuwento ito ng tungkol sa choker. To Marciana's amazement, the woman knew everything about the jewelry.

“You can have it, honey, if you really want to. Come on, huwag kang magpatalo,” ani Olivia kay Marco na parang nagchi-cheer sa basketball.

Napaisip si Marciana. Hindi niya alam ang tungkol sa totoong katayuan ng binata sa buhay. Sa anyo pa lamang nito ay malalaman na ng sinuman na mayaman ito. Ang tanong ay kung *gaano* kayaman ang lalaki. Naipilig niya ang ulo. Hindi. Hindi siya interesadong malaman kung *gaano* kayaman ang lalaki.

---

“Ladies and gentlemen, the highest bidder is Mr. Marco Aurelio el más Regio. Congratulations, Sir. You now have the emerald choker,” anang host ng auction. “And, of course, the choker has a registered name. Its name's already historical. It's engraved at the back of its pendant. It's for you, Sir Marco Aurelio, to find out.”

Lahat ay nagtataka kung bakit hindi pinaalam ng host ang pangalan ng choker. ‘Emerald choker’ lang kung tukuyin iyon nito.

“Gosh, the host is annoying. And I didn’t know the choker’s name,” narinig ni Marciana na sabi ni Olivia.

Lihim na natawa siya. Olivia knew everything about the choker except for its name.

“What is the choker’s name?” malakas na tanong ni Olivia sa pagkagulat nina Marco at Marciana.

“Oh, I’m sorry, Ma’am. Ang bagong may-ari lamang nito ang may karapatang malaman ang pangalang iyon. I don’t know the name myself,” sabi ng host na sinabayan ng tawa. Tumawa rin ang ilang naroroon.

“Oh, I will surely know the name, right, honey?” masuyong sabi ni Olivia kay Marco.

Napailing si Marciana. Suddenly, she felt she had to go to the ladies room. Pabulong siyang nagpaalam kay Marco.

“Sasamahan kita,” alok ng binata.

“Hindi na. Salamat.” At agad siyang lumayo.

---

Nang magbalik si Marciana sa function hall ay agad hinanap ng mga mata niya si Marco. Napakunot-

noo siya nang hindi makita ang hinahanap.

Naglakad-lakad siya at nilibot ang maluwang na bulwagan. She knew no one in the hall maliban siyempre kay Marco at kay Olivia na tila parehong hindi niya makita. Magkasama ang dalawa nang iwan niya. At hindi niya nagugustuhan ang naiisip.

Sa inis ay humingi siya ng alak sa dumaang serbidor na may dalang tray ng mga kopita niyon. Uminom siya nang kaunti. Uminit ang kanyang lalamunan at pinigilan niyang mapaubo. Matapang ang nakuha niyang alak.

“You’ve got the wrong glass, honey.”

Bumaling siya sa kanyang likuran at nakita si Lester Aguirre. Ang tanging taong hindi niya gustong nakikita. “Don’t ‘honey’ me, Mr. Aguirre. At lumayo ka sa akin.”

Tumiim-bagang ito. “Huwag mo akong tinataboy, Marciana. Hindi ako sanay na tinataboy ng mga babae.”

Patuya siyang ngumiti. “Well, with this woman, palagi kang makakatanggap ng pananaboy.”

Galit nitong hinaklit ang braso niya. “Sino ka sa akala mo, Marciana Lozano? Isa kang walang



kuwentang ang ikinabubuhay ng pamilya ay bukid.”

“Get your hand off me, Aguirre!” mahina pero madiing sabi niya. Bigla siyang nakaramdam ng takot sa lalaki. Nang dukutin siya nito sa araw ng kasal nila ni Francis at manatili siya sa poder nito nang mahigit isang buwan ay may natuklasan siya tungkol dito. Gumagamit ito ng shabu! At nakita na niya ang lalaki sa ibang anyo nito—iyong katatapos pa lamang humitit ng droga. Pero lingid sa lalaki na natuklasan niya ang lihim nitong iyon.

Ngumiti ito nang nakakaloko. “Alam mo, wala kang magagawa kung kaladkarin kita palabas at muling dukutin,” pananakot nito.

Marciana was almost certain na bangag ang lalaki. Nilalabanan niya ang sindak na nadarama. Inilibot niya ang paningin. *Where the hell is Marco?* Napaigik siya nang humigpit ang hawak ng lalaki sa braso niya.

“Bitiwan mo ako at nasasaktan ako!” halos pabulong pero matigas niyang sabi.

“Kung sasamahan mo ako sa pupuntahan natin,” ani Lester na ngumisi.

“What?” Nanlaki ang mga mata niya. “Oh, please, Mr. Aguirre, hindi ka matino ngayon. Pakawalan

mo 'ko...' Tumitindi ang takot niya. Maraming tao sa kinaroroonan nila pero ayaw niyang humingi ng tulong dahil lilikha iyon ng iskandalo.

Bumalasik ang anyo ng kausap. "Saan mo nakuha ang ideyang hindi ako matino ngayon?"

Pinagsisihan ni Marciana ang sinabi niya. Tumingin siya sa paligid. Walang nakakapuna sa nangyayari sa kanila.

She breathed deeply. Hindi siya sigurado sa naiisip, but she had to try. "Okay, Mr. Aguirre. Sasamahan kita sa kung saan mo man gustong pumunta, pero bitiwang mo ako."

Ngumising binitiwang nga siya nito. "Puwede ka naman palang maging mabait sa akin, eh."

*Oh, my God, bangag nga ito!* Ngayon lang niya napansing namumula ang mga mata ng lalaki. Huminga siya nang malalim. Pagdaan ng isang serbidor na may hawak na tray ay ibinigay niya ang hawak na kopita.

"Shall we go, Marciana?" nakangising tanong ni Lester. "Huwag ka nang umasang susulpot si Marco. Alam mo ba kung sino ang kasama niyang tumalilis? Si Olivia Marquez, ang ramp model. At huwag na natin isipin kung saan na sila nakarating ngayon."

## 4

Lakad-takbo ang ginagawa ni Marciana para mabilis na makalayo sa kuwartong iyon. Hindi niya alintana ang mataas na stiletto'ng suot. Ang mga nakakasalubong niya sa hallway ay nagtataka sa bilis ng galaw niya, pero wala siyang pakialam. Kailangan niyang makalayo sa baliw na si Lester Aguirre.

Hustong malapit na siya sa elevator nang bumukas iyon. Tuloy-tuloy siya sa loob na halos napasubsob siya sa nag-iisang laman niyon.

“I’m so—Marco!” bulalas niya nang sa pag-angat niya ng mukha ay makilala ang lalaki. Sa matinding relief na naramdaman ay napayakap siya rito.

Matapos ang ilang sandali, nang bumababa ang elevator, iniangat ni Marciana ang mukha mula sa pagkakasubsob sa dibdib ni Marco. “Saan ka nagpunta?” Nagtaka siya nang makitang nakatiim-bagang at madilim ang mukhang nakatingin ito sa kanya.

At bago pa makag-usisa si Marciana ay bumukas na ang elevator. Napahiyaw siya sa sakit nang haklitin siya nito sa braso at halos kaladkarin palabas ng

elevator, sa pagtataka ng mga nakasalubong nilang papasok naman.

“Bitiwan mo ako, Marco. Nasasaktan ako!” hiyaw niya nang palabas na sila ng hotel at patuloy siya nitong kinakaladkad.

“Hindi kita dinala rito para makipagkita sa may asawa nang lalaking iyon! Damn you!” Marco shouted angrily.

“What are you talking about?” balik-sigaw niya at muling napahiyaw sa sakit sa brasong madiing hawak nito, na siya ring hinawakan ni Lester Aguirre kanina. Pakiramdam niya ay mababali ang kanyang buto roon.

Nang marating nila ang kotse ay pabalyang binuksan ni Marco ang pinto at isinalya si Marciana sa loob na halos ikasubsob niya sa dashboard. Pumasok ang lalaki at galit na naupo sa driver’s seat.

Hinawakan niya ang brasong nasaktan at napahagulhol dahil sa pinagsama-samang takot kanina kay Lester Aguirre, sa sakit ng braso, at sa pagkalito sa inaakto ni Marco.

“Stop crying, Marciana. Ang pagkaladkad ko sa iyo palabas ng hotel ay hindi ang pinakamarahas na nagawa ko. At hindi mo ako masisisi,” said Marco in

indignation. Pero halata sa mukha nitong hindi alam ang gagawin sa nakikitang paghagulgol niya.

Marciana could not speak. Galit na galit si Marco sa hindi niya mahulaang dahilan. And his anger was the last thing she would have wished for at the moment.

Sa ilang sandaling lumipas ay patuloy sa mahinang pag-iyak ang dalaga. Si Marco ay tahimik lang na nakaupo, madilim ang mga matang nakatutok sa unahan ng sasakyan.

Nang sa wakas ay natapos din si Marciana sa pag-iyak, inabutan siya ng tissue ni Marco mula sa compartment.

“Tuyuin mo ang mukha mo,” utos nito sa malamig na tinig.

Tahimik na pinupunasan ni Marciana ang mukha. Binuhay ni Marco ang makina ng sasakyan. Minamaniobra na ng lalaki ang kotse palabas ng parking area nang dumating ang isang police car at humimpil sa mismong harapan ng hotel.

Sina Marco at Marciana ay parehong nakamasid nang magsilabasan mula sa police car ang apat na pulis at pumasok sa entrada ng hotel.

Pinagpatuloy ng binata ang pagmamaniobra sa sasakyan at ilang sandali pa ay umaarangkada na ito sa kalsada.

Then Marco said, “Sa ayos mong iyan, hindi kita puwedeng ihatid sa bahay ninyo.”

---

Naalimpungatan si Marciana. Sa pagmulat niya ng mga mata ay mukha ni Marco ang bumulaga sa kanya.

“Don’t touch me!” she exclaimed in astonishment nang makita ang kamay ng binata na hahawakan sana ang braso niya. Iyon ang brasong dalawang beses na nasaktan nang nagdaang gabi.

“Oh, Marciana...” groaned Marco thoughtfully. “*Lo siento mucho.*” Nanlulumo itong nakatingin sa braso niya.

Bigla ay nakatingin din doon si Marciana. Malaki ang pasa roon na nangingitim na. Sa makinis at maputi niyang balat, lutang na lutang iyon.

“Hindi ko sinasadyang saktan ka. Believe me... oh, God...” anitong sising-sisi na para bang napakalaking kasalanan na nabigyan siya nito ng di-sinasadyang pasa. “How can you forgive me,

sweetheart?” Nagsusumamong nakatingin ito sa kanya. And it was an unusual scene. Dahil hindi karaniwang makikita si Marco Aurelio el más Regio na nagsusumamo o nakikiusap.

Marciana was really touched. Nasa harap niya ang isang matangkad na lalaking ang anyo’y hahangaan at kababaliwan ng sinumang babaeng magmamasid dito. Strenous and sinewy and mighty. Very verile. And he was asking her to marry him.

Napansin niyang kababangon pa rin lang nito. O mas tamang sabihing hindi pa ito nakakapagayos. Sando and boxer shorts. *Gosh, he’s so sexy and delicious!* At bakit parang sinisilihan ang buong katawan niya? She looked away. Nasa isip pa rin ang mukha nitong halatang galing pa lamang sa pagtulog, but looked so damn handsome!

“Marciana...” muling paanas na tawag ni Marco na hindi pinansin ang masusing pagtitig niya. Ang isip nito ay buong nakatutok sa pagsusumamong patawarin ito sa ibinigay na pasa sa dalaga. He must have hurt her terribly. And, gosh, it wasn’t really easy to apologize. Hindi ito sanay nang ganoon. It wasn’t very like him. But he had to do it with Marciana Lozano.

“Shut up, Marco,” mahinang saway ni Marciana.

Hindi niya ikinakailang nagugustuhan niya ang paraan ng pagbigkas ng lalaki sa pangalan niya. She knew Spanish. She could even speak the language. And she loved Spanish kaya nga nagpursigi siyang matuto nito. Her name's a Spanish word. And Marco would always say it in perfect Spanish pronunciation and accent, that she knew she would always love to hear.

May dugong Espanyol ba ang lalaki? Hindi niya sigurado at kung mayroon man ay hindi halata sa anyo nito. He was dark. Very Filipino. He would always remind her of a Mexican male beauty though. Hindi ito pahuhuli sa mga Mexican actors kung kakisigan ang pag-uusapan. And he possessed something more...

“Marciana, look, I’m—”

“Hindi ikaw ang talagang may gawa ng pasang ito, Marco. So, don’t be sorry.”

“What do you mean?” tanong nito sa nagsalubong na mga kilay.

Sasabihin ba niya ritong si Lester Aguirre ang may kagagawan niyon? Na sa ikalawang pagkakataon ay muntik na siyang mapahamak sa mga kamay ng lalaki? Na ang asawa ng *unica hija* ng alkalde ng San



Felipe ay isang drug addict?

Sa palagay niya, hindi dapat sa kanya manggaling ang lahat ng katotohanang iyon. Dapat na lang niyang ipagpasalamat na muli siyang nakaligtas kay Lester Aguirre.

Nang hindi sumagot si Marciana ay muling nagsalita si Marco. “Alam mo ba kung sino ang dinakip ng mga pulis sa *Celine Hotel* kagabi?” He looked at her critically.

Naalala ni Marciana na bago sila makaalis ng hotel kagabi ay may dumating ngang police car sa hotel. Kilala ba nila ang dinakip? Nakatingin lang siya sa binata, naghihintay ng susunod na sasabihin nito.

“Si Lester Aguirre.” At sa ekspresyon ng mukha nito’y naghihintay ng magiging reaksyon niya.

Si Marciana ay nabigla pero hindi niya iyon ipinahalata. “Why?” sa halip ay tanong niya.

Nagbago ang ekspresyon sa mukha ng lalaki. Tumiim ang mga bagang nito. “You should know, Marciana. Sa balita sa TV ay dahil sa pagsira at pagbasag nito sa halos lahat ng gamit sa loob ng kuwarto kung saan ito naka-check-in at... dahil nabisto itong nagsa-shabu.”

*Oh!* Nanira at nambasag ito ng mga gamit. She could know why. At wala siyang ibang maisip na puwedeng maging rason. Lester Aguirre admitted that he desired her, wanted her, kahit may asawa na itong tao. At para makatakas siya, nilansi niya ito. Sinamantala niya ang pagkabangag at pagkawala nito sa katinuan. She made him believe she would give herself to him.

At dahil hindi gumagana nang maayos ang utak nito sa mga sandaling iyon, napilit niya itong mag-shower muna, and promised to give herself afterwards. Nang nasa loob na ito ng banyo ay mabilis na siyang lumabas ng kuwarto. Siguro’y galit na galit ito nang malamang wala na siya.

“You should know something, Marciana,” akusa ni Marco na nagtatanong ang mga mata. “Hindi lingid sa aking nakikipagkita ka sa kanya. My God, may asawa siyang tao!”

It was an accusation. Ano ang basehan nito? “Ano’ng pinagsasasabi mo? Ano ang ibig mong sabihin?” tanong niya sa mataas na boses.

“Huwag mong ikailang tumalilis kayo ni Lester Aguirre palayo sa function hall kagabi!” galit na sabi nito.

Nanlaki ang mga mata ni Marciana. *He saw us!* At inakala nitong... “It’s not what you think, Marco,” mahinahon niyang sabi. Ngayo’y alam na niya kung bakit siya nito kinaladkad palabas ng hotel nang nagdaang gabi. Kung bakit nanggagalaiti ito sa galit.

He curled his lips affrontingly. “Oh, yeah? Kung gayo’y niloko lang ako ng sarili kong mga mata nang makita kitang kusang sumama? You were walking gracefully! Hindi mukhang pinuwersa o kinaladkad.”

*Iyon ay dahil pinlano ko siyang lansiin!* But she couldn’t say it aloud. It would always sound lame. Marco wouldn’t believe her. Relatively, mas lohikal nga namang magsisisigaw na lang sa gitna ng bulwagan kung saan maraming tao para makaligtas agad mula sa panganib. Pero para sa kanya, hindi kailangang mag-iskandalo at malaman ng lahat na may isang taong nanganganib sa bulwagang iyon. She had faith she could handle the situation all by herself. She believed she could play the danger sa kabila ng matinding takot. And she was right. Natakasan niya ang panganib na hindi kinailangang mag-iskandalo.

“Kahit sabihin ko sa ’yo ang totoo’y wala kang maiintindihan,” mahinahon pa ring sagot ni Marciana.

“At ano ang totoo? Hindi mo naisip na may kasama ka at sumama ka sa drug addict na iyon!”

Patuya itong ngumiti. “At saan kayo nakarating, ha, Marciana?”

She could not believe na nag-aaway na naman sila. Kanina’y humihingi pa ng tawad ang lalaki. At sa sinabi nito, nainis na siya.

Tuluyan siyang bumangon mula sa kama at hinarap si Marco sa malapitan. Hindi niya alintanang ang suot niya ay sando ng lalaki na malaki at maluwag sa kanya.

Kung hindi siya nito pinabayaang mag-isa, hindi sana nagkaroon ng pagkakataon si Lester Aguirre na makalapit sa kanya! “Saan ka nagpunta at nang bumalik ako mula sa ladies room ay wala ka na sa bulwagan? And I bet magkasama kayong nawala ni Olivia Marquez.” She was speaking almost at his face. Almost dahil tingalang-tingala siya sa lalaki na ikangangalay niya siguro kung magtatagal na ganoon. Si Marco naman ay nakayuko sa kanya, ready to brawl.

Nagbago ang ekspresyon sa mukha ng kaharap sa sinabi niya. Nagkaroon bigla ng guilt doon. “I’m sorry, Marciana, but I had to talk to the auctioneer. At, yes, kasama ko si Olivia dahil kusa siyang sumama. Akala ko sandali lang iyon pero... I’m very sorry, sweetheart. Sana’y hinintay na lang kitang makabalik.”

Marco could really change moods quickly. At namamangha siya roon. Bigla ay nawala ang galit niya. “Okay....” She was about to move away nang hapitin siya ng binata sa pagkagulat niya.

“Pero galit na galit ako nang sa pagbalik namin sa function hall ay makita ko kayong tumatalilis ni Aguirre.” There was a promise of indignation in his voice that could explode at any moment.

Marciana was aware of their closeness. And she could feel some fire burning. “Oh, Marco, please, let go of me,” marahan niyang sabi. Ipinagkamali iyon ng lalaki bilang pagkukunwari at pagpipigil sa nararamdaman ng katawan. Sunod-sunod ang malalim niyang paghinga. My, she could feel the hardness of his body. The virile strength. And she was being intoxicated.

“We’ll be married, Marciana. I’m sure of that.”

And in an instant, his lips were on hers na ikinabigla niya. Sa una’y marahan, sa sumunod na mga segundo ay naging masidhi ang paghalik ng binata. At hindi namalayan ng dalaga na tumutugon na siya. She was feverish. Her heart was beating fast.

Her eyes opened wide in surprise when she felt the hard thing somewhere below Marco’s body.

Gustong manindig ng lahat ng balahibo niya sa katawan.

Marahang itinulak niya ito. “Let’s stop this, Marco.” Hinawakan niya ang mga kamay ng binata na nasa likod niya at tinanggal doon.

“Why, Marciana? Don’t you know you look very sexy wearing that?” anitong may pagnanasa sa mga mata.

She looked at herself in embarrassment. Sa suot niya, hindi puwedeng hindi masilip ang kanyang mga panloob. And she really forgot she was wearing his sando. Kagabi ay napilitan siyang manghiram dito dahil wala siyang maisusuot na pamalit sa gown. At hindi na siya humiram ng pang-ibaba.

Mabilis siyang bumalik sa kama at tinakpan ng kumot ang sarili na ikinatawa ni Marco. She could feel she was flushing at ikinaiinis niya iyon.

“Kaya kong kalimutan ang kung ano mang tungkol sa inyo ni Lester Aguirre. I can even promise not to mention anything about it... sa sandaling makasal tayo, Marciana,” seryosong sabi ni Marco kapagkuwan.

Sa sinabi nito, naalala ni Marciana na kaya siya pumayag na lumabas sila nang nagdaang gabi ay para

pag-usapan nila ang inaalok nitong kasal. Naisip pa niya kahapon na hindi niya palalampasin ang ginawa nitong pagsisinungaling kay Lucy.

“Hindi pa ako pumapayag na pakasal sa ’yo, Mr. El Más Regio. I’m still thinking about it.” Then, she chuckled. Namamangha siya dahil sa loob-loob niya, totoo ang sinabi niyang iyon. She was really thinking about the marriage proposal. Kung ano ang rason ay hindi niya alam.

Marco smiled in amusement. Nagsimula itong lumapit sa kama nang pigilan ni Marciana.

“Stop right there. Please don’t go near me,” saway niya na nakataas pa ang mga kamay. “Mas mabuting isuot ko na uli ang gown na suot ko kagabi para makauwi na ‘ko.”

Marco smiled naughtily. “Well, I don’t mind if you wish to go home wearing my clothes.”